Mga Sintomas ng Suliranin sa Pagsusugal

Ang pagsusugal ay maaaring magdulot ng:

- mahinang kalusugan dahil sa problemang pampinansiyal (halimbawa, pagkawala ng tulog at ganang kumain)
- mga pakikipagtalo sa pamilya at mga kaibigan tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa pera
- galit at pagsisisi sa sarili
- natatakot kung ano ang mangyayari sa darating na panahon

tinataya na sa bawat tao na may problema sa pagsusugal, pitong tao ang naaapektuhan nito.

Multicultural Problem Gambling Service for NSW

strengthening people and families

Tawagan kami:

Multicultural Problem Gambling Service for NSW

PO Box 7118 Parramatta BC NSW 2150

Telepono: (61 2) 9840 3329

Paks: (61 2) 8838 2165

Libreng Tawag: 1800 856 800

Email: mpgs@wsahs.nsw.gov.au

Website: www.dhi.gov.au/mpgs

Diversity Health Institute

Quality Health Care for a Diverse Australia

Ang Multicultural Problem Gambling Service ay magkasamang inisyatibo ng Community Relations Commission For a multicultural NSW at ng Sydney West Area Health Service. Ang tulong pampinansiyal para sa proyektong ito ay bigay ng Pamahalaan ng New South Wales mula sa Responsible Gambling Fund (RGF). Ang mga pananaw na binanggit sa lathalaing ito ay mula sa may akda lamang nito.

Filipino

Multicultural Problem Gambling Service for NSW

strengthening people and families

Libreng Tawag 1800 856 800

Walang bayad na mga serbisyo sa pagpapayo at pagtangkilik sa may suliranin sa pagsusugal at sa kanilang pamilya na may iba't ibang pinagmulan

Ang Multicultural Problem Gambling Service - MPGS (Serbisyong Multikultural para sa Problema sa Pagsusugal) ng NSW ay nagbibigay ng walang bayad at kompidensiyal na tulong sa may suliranin sa pagsusugal at sa kanilang pamilya. Ang aming mga tagapayo ay kwalipikado at may kasanayang manggagawa na nakapagsasalita sa inyong wika at nakakaunawa sa inyong kultura.

Mga Serbisyo para sa May Suliranin sa Pagsusugal at kanilang Pamilya

- Walang bayad at kompidensiyal na pagpapayo sa telepono
- Natatanging pagpapayo sa maraming wika na harapan/pampamilya
- Impormasyon, payo at reperal sa telepono (halimbawa, pagpapayong pampinansiyal)
- Mga programa sa edukasyong pangkomunidad



Kausapin kami sa 1800 856 800 sa pagitan ng 8.30n.u. at 5.00n.h., Lunes hanggang Biyernes

Para sa tulong sa labas ng aming oras ng serbisyo, mangyaring tawagan ang G-line (NSW) para sa impormasyon sa suliranin sa pagsusugal, pagpapayo at reperal sa 1800 633 635 (TTY 1800 633 649), na nakahanda 24 oras, pitong araw bawat linggo.

Para sa mga Nagbibigay ng Serbisyo

Naglalaan kami sa mga nagbibigay ng serbisyo sa NSW ng mga sumusunod:

- Pagsasanay sa mga isyu ng ibat-ibang kultura sa suliranin sa pagsusugal at mga serbisyo sa pangkalahatang suliranin sa pagsusugal
- Pagtanggap ng mga reperal mula sa mga nagbibigay ng serbisyo
- Pagbibigay ng espesyalistang konsultasyon at pagpapayong klinikal at sa iba't ibang kultura

Mga Tanda ng Suliranin sa Pagsusugal

Maaaring mayroon kayong problema sa pagsusugal kung:

- nasa isip ninyo ang pagsusugal araw-araw
- nakakaramdam ng kalungkutan at nagsusugal
- nanghihiram ng pera upang ipangsugal
- itinatago ang inyong pagsusugal sa inyong pamilya at mga kaibigan

Mga Epekto ng Suliranin sa Pagsusugal

Ang pagsusugal ay nagbubunga ng:

- pagkaramdam ng hiya
- pagkaramdam ng kalungkutan at pag-aalala
- pagkaranas ng mga problemang pampinansiyal
- pagkasira ng pamilya at relasyon